Inihahandog ng
Bibliya Para sa mga Bata

Ang Makisig at Hangal na Hari

Isinulat ni: Edward Hughes

Inilarawan ni: Janie Forest

Ibinagay ni: Lyn Doerksen

Isinalin ni: Dulia Penalber

Inilimbag at ipinamamahagi
ng Bible for Children
www.M1914.org

©2007 Bible for Children, Inc.
Pahintulot: Ang materyal na ito ay maaaring makopya o malimbag,
ngunit hindi maaaring ipagbili.

Si Samuel, ang hukum at lider ng Israel, ay matanda na. Ginawa niyang hukum ang kanyang mga anak upang maging kapalit. Ngunit ang kanyang mga anak ay masasama. Mahal nila ang salapi at ginagamit nila ang kanilang katungkulan upang makakuha ng salapi.

Ang mga tao ng Israel ay nagdudusa sa kasamaan ng mga anak ni Samuel. Walang hustisya. Ang mga tao ay kailangang magbayad sa mga anak ni Samuel tuwing sila'y nangangailangan ng tulong.

May kailangang dapat gawin. Isang araw, ang mga lider ng Israel ay nagtipon at humingi ng tulong kay Samuel.

“Bigyan mo kami ng hari upang magpasiya sa amin,” ang kanilang hiling. Hindi nila nais maghukom ang mga anak ni Samuel. Gusto ng Israel na magkaroon ng hari katulad ng ibang bansa sa paligid nila.



Nagalit si Samuel. Ang Israel ay mayroon ng Hari! Ang Diyos ang Siyang namumuno sa Israel. Ang Diyos ang nagligtas sa Israel mula sa Ehipto, at ang Siyang naghati ng Dagat na Pula.


Ang Diyos
ang nagbigay
ng magandang
lupain sa Israel.

Nang nanalangin si Samuel, sinabi ng Diyos, "Hindi ikaw ang kanilang itinatakwil, ngunit Ako ang ayaw nilang mamuno sa kanila. Sila ay naglilingkod sa mga diyos-diyosan. Ngunit dinggin mo ang kanilang hiling at bigyan mo sila ng isang hari."





Sinabi ng Diyos
kay Samuel na
bigyan ng babala
ang Israel.
Ang kanilang
magiging hari
ay mangunguha
ng buwis.



Kukunin din
ang kanilang
magagandang
bukid, kukunin
ang mga anak
na lalaki upang
maging kawal,
at ang mga anak
na babae bilang
lingkod.

Bukid ng Hari
Bawal Pumasok
Ngunit nais pa rin ng mga tao na magkaroon ng hari.

Dinala ng Diyos
si Samuel sa isang
batang lalaki na
makisig, mahiyain,
at napakatangkad.
Ang mga tao ay
hanggang balikat
lang ng batang ito.

Binuhusan ng langis si Saul bilang hari ng Israel. Nang siya ay ipakilala sa tao ng Israel, sila ay sumigaw, "Mabuhay ang hari!"

Hindi nagtagal, nagkaroon ng pagsubok kay Haring Saul. Ang kalaban na Ammonita ay pumaligid sa bayan ng Israel, at nagbanta na kukunin ang kanang mata ng bawat lalaki. Napakalupit!



Ang hamon ng kalaban ay nakarating kay Haring Saul. Kaya't hinanda niya ang mga kawal.



Nang ang
dalawang kawalan
ay nagtagpo, tinalo
ni Haring Saul ang
mga Ammonitas at
niligtas ang bayan.
Binigyan ni Haring
Saul ang Diyos
ng luwalhati
at nagsabi,
“Nagbigay
ang Diyos ng
kaligtasan sa
Israel.”

Binigyan ng tagumpay si Saul ng Diyos sa araw na iyon. Ngunit si Saul ay hindi nagbigay ng karangalan sa Panginoon. Isang araw, bago maki-pagdigmaan sa Philistina, si Saul ay nagbigay ng handog sa Diyos.

Alam ni Saul na ang pag-alay ay gawain ni Samuel. Alam niya na nais ng Diyos na hintayin niya si Samuel. Ngunit hindi sumunod si Saul.



Nang dumating si Samuel, sinabi niya kay Saul,
"Ang iyong ginawa ay hangal. Hindi mo sinunod
ang utos ng Diyos. Ang iyong paghahari
ay hindi magpapatuloy."

Iniisip maari ni Saul na ang kasalanan ay maliit lamang. Ngunit ang hindi pagsunod sa Diyos ay isang mabigat na bagay.

Sa isang pagkakataon, inutusan ng Diyos na patayin ni Saul ang lahat ng masasamang tao at hayop sa Amalek,

Ngunit binihag ni Saul ang hari ng Amalek at hindi pinatay.

Tinago rin ni Saul ang ibang ari-arian mula sa Amalek, kabilang ang mga tupa at baka. Ang balak ni Saul ay gawing alay ang mga ito sa Diyos.

Sinabi ni Samuel kay Saul, "Ang pagsunod ay mas mabuti kay sa maghain ng handog. Tinanggihan mo ang salita ng Diyos, at ang Diyos ay tumanggi sa iyo na maging hari ng Israel." Si Saul ay humingi ng tawad sa kanyang mga kasalanan, ngunit huli na. Hindi siya naging masaya pa dahil sa hindi pagsunod sa Diyos.

Ang Makisig at Hangal na Hari

isang kuwentong nanggagaling sa
Salita ng Diyos, ang Bibliya,

makikita sa

I Samuel 8-16

"Ang bukas ng iyong mga Salita ay nagbibigay ng liwanag." Mga Awit 119:130

Ang Wakas

Sinasabi sa kuwentong ito mula sa Bibliya ang tungkol sa ating kahanga-hangang Diyos na Siyang lumikha sa atin at nais Niya na makilala natin Siya.

Alam ng Diyos na tayo'y nakagawa ng masasamang bagay na tinatawag Niyang kasalanan. Ang parusa sa kasalanan ay kamatayan ngunit lubos ang pagmamahal ng Diyos sa atin kaya't ipinadala Niya ang Kanyang Anak na si Hesus na Siyang napako at namatay sa Krus upang pagbayaran ang ating mga kasalanan.

Subalit hindi nanatiling patay si Hesus. Nabuhay Siyang muli at bumalik sa langit! Kung mananampalataya ka kay Hesus at hihingi ng kapatawaran sa iyong mga kasalanan, papatawarin ka Niya. Siya ay darating at mananahan sa iyong buhay magpakailanman.

Kung ibig mong maligtas at mapatawad sa iyong kasalanan, narito ang isang panalangin na maaari mong tularan:

"Mahal kong Diyos, naniniwala po ako na si Hesus ay namatay para sa akin, ngunit Siya ay nabuhay muli. Tinatanggap ko po kayo sa aking buhay at patawarin Ninyo po ako sa aking mga kasalanan upang ako'y magkaroon ngayon ng bagong buhay, at sa isang araw ay makasama Kayo magpakailanman. Tulungan po Ninyo akong mamuhay bilang Inyong anak. Amen."

Basahin ang Bibliya at manalangin sa Diyos araw-araw! Juan 3:16